Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**Bayan ng Santa Cruz**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG - GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG-BAYAN NOONG IKA-24 NG MARSO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO.............................PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr........................ Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar.......................... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez...........................Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison.............................. Kagawad
Kgg. Louie C. De Leon............................. Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca.............................. Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan............ Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Ariel T. Magcalas............................. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco...........................Kagawad
nasa lakad opisyal
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor......................... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 072-T'99

KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KANYANG KATAAS-TAASANG KAMAHALAN JOSEPH EJERCITO ESTRADA, PANGULO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS NG PONDONG NAGKAKAHALAGA NG TATLUMPUNG MILYON PISO (P30,000,000.00) NA GUGUGULIN SA PAGPAPAGAWA NG "ESTRADA -TYPE" NA MGA GUSALING - PAMPAARALAN SA MGA BARANGAY NG BUBUKAL, SAN JOSE, BAGUMBAYAN, GATID AT PAGSAWITAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.

SAPAGKA'T, ang bayan ng Santa Cruz, Laguna, ay matagal nang dumaranas ng kakapusan ng mga silid-aralan sa mga pampublikong mababang paaralan na dulot ng patuloy na pagdami ng mga mag-aaral na ngayon ay umaabot na sa bilang na Labing tatlong libo isandaan at pitumpo (13,170);

SAPAGKA'T, dala ng matinding kakapusan ng mga silid-aralan ay napipilitan nang gamitin pati mga klinika, silid-aklatan at laboratoryo ng mga paaralan, upang makinabang ang mga batang mag-aaral na nagmimithi na makapagpatuloy ng pag-aaral;

SAPAGKA'T, may mga silid-aralan na nangangailangan nang mapalitan dulot ng kalumaan at nagsisilbing banta na sa kaligtasan ng mga mag-aaral ;

KUNG KAYA'T DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. De Leon na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na taimtim na hilingin sa Kanyang Kataas-Taasang Kamahalan Joseph Ejercito Estrada, Pangulo ng Republika ng Pilipinas, na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna, ng pondong nagkakahalaga ng Tatlumpung Milyon Piso (P30,000,000.00), upang maipagpatayo ng "Estrada - Type" na mga gusaling - pampaaralan mga sumusunod na barangay : 1) Bubukal 2) San Jose 3) Bagumbayan 4) Gatid 5) Pagsawitan.

PINAGPASIYAHAN PA: Na ipadama ang taos-pusong pasasalamat sa kanyang Kataas-taasang Kamahalan Joseph Ejercito Estrada, na siyang nagmamalasakit para sa kapakanan ng mga mamamayan sa bansa.

INIUUTOS: Na padalahan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kanyang Kataas-taasang Kamahalan Joseph Ejercito Estrada, Pangulo ng Republika ng Pilipinas, Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban at Tagamasid Pampurok, Dra. Diana J. Eruma, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN E
RECORDED
BY:
DATE 4-14-99
STA. CRUZ, LAGUNA